



IKAW ANG NAGTATAKDA SA IYONG MGA KOMUNIDAD

Bawat sampung taon, pagkatapos ng Senso ng U.S., dapat muling itakda ng California ang mga hangganan ng mga distrito ng Kongreso, Senado ng Estado, Asambleya ng Estado, at Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado nito upang maisalamin ang bagong datos sa populasyon. Binigay ng Voters FIRST Act ang kapangyarihang ito sa mga mamamayan ng California, na tinitiyak na maitatakda ang mga bago at patas na distrito nang malaya sa mga espesyal na interes, politika, o politikal na impluwensiya.

Ang Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Mga Mamamayan ng California (Citizens Redistricting Commission) ay magsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong at tatanggap ng komento ng publiko. Ito ang pagkakataon mong maging bahagi ng pagbuo ng patas at malinaw na mga hangganan ng mga distrito na pinaglilingkuran ang pinakamabubuting interes ng mga mamamayan ng California. Sa 2021, magsisikap ang Komisyon upang buuin at aprubahan ang mga mapa ng distrito bago sertipikahin ang mga pinal na mapa sa Kalihim ng Estado ng California.

»»»» MGA PARAAN PARA MAKIBAHAGI ««««

Tuwing Pampublikong Pagpupulong:

Sa panahon ng tagsibol at tag-araw ng 2021, magsasagawa ang Komisyon ng mga pagpupulong kung saan maaari kang magbigay ng komento sa pamamagitan ng telepono sa oras ng pagpupulong, o sa elektronikong paraan bago ang pagpupulong. Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa mga susunod na pagpupulong para sa komento ng komunidad sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa:

www.WeDrawTheLinesCA.org.

Sa Elektronikong Paraan:

Maaari ka ring magbigay ng komento sa Komisyon sa pamamagitan ng pag-email sa: VotersFirstAct@crc.ca.gov o sa pamamagitan ng pagguhit sa iyong mapa gamit ang "Iguhit ang Aking Komunidad" (Draw My Community) tool at pagsumite nito sa Komisyon sa pamamagitan ng pagbisita sa: DrawMyCACommunity.org.

Sa Sulat:

Maaari mong ipadala sa mail ang iyong mga papel na dokumento sa:
California Citizens Redistricting Commission, 721 Capitol Mall, Suite 260, Sacramento, CA 95814

Hinihikayat ka namin na regular na bisitahin ang aming website at mga social media channel para sa mga update.



California Citizens Redistricting Commission
721 Capitol Mall, Suite 260, Sacramento, CA 95814
(916) 323-0323 -- WeDrawTheLinesCA.org



@WeDrawTheLinesCA